# Lumapit sa Diyos



## WARM-UP

- Anong kanta ang natutuwa kang pakinggan? Ano ang nagustuhan mo sa kantang ito?
- Sinu-sino ang mga pinakamalalaking impluwensya sa buhay mo? Bakit ka nakikinig sa kanila?
- Kapag nagbibigay ka ng payo o nagpapalakas ng loob ng iba, paano sila tumutugon? Balikan ang isang pangyayari na nagpapaliwanag nito.

## WORD

*"Lumapit kayo sa akin at pakinggan ito: Mula pa ng pasimula hindi ako nagsalita nang lihim. Sa panahon na nangyari ang sinabi ko, naroon ako." At ngayon sinugo ako ng Panginoong Diyos at ng kanyang Espiritu . . .* **ISAIAS 48:16**

(Basahin din ang **ISAIAS 48:12–15.**)

Ang pagkilala sa isang tao ay may kasamang paglapit at pakikinig. Kung magpapakatotoo tayo sa sarili natin, aaminin natin na hindi tayo magaling makinig. Ang iba ay mas pipiliing magsalita samantalang ang iba naman ay madaling nasisira ang atensyon at mas gugustuhing ilaan ang oras nila sa paggawa ng ibang bagay. Sa Isaias 48:12–15, tinatawag ng Diyos ang Kanyang mamamayan na makinig at lumapit sa Kanya. Nais Niyang makilala nila Siya. Ang walang hanggang Diyos ay nagnanais na personal na makilala ng Kanyang mamamayan. Ngayon, titingnan natin ang Kanyang imbitasyon at ang kapakinabangan ng paglapit sa Kanya.

## 1 Nakikinig tayo sa Diyos upang malaman na Siya ang namamahala.

*“Makinig kayo sa akin, kayong mga taga-Israel na aking pinili. Ako ang Diyos; ako ang pasimula at ang wakas ng lahat.”* **ISAIAS 48:12**

Sa Bibliya, ang salitang “makinig” ay kadalasang nangangahulugan ng pagtuon ng atensyon. Iniimbitahan tayo ng Diyos na aktibong makinig sa Kanya upang mas makilala natin Siya. Habang ganap tayong nakikinig sa Kanya at nakatuon sa Kanyang tinig, naaalala natin na Siya ang pasimula at ang wakas. Nangangahulugan ito na ang Diyos ay makapangyarihan, mapagkakatiwalaan, at walang hanggan. Bagama’t maraming bagay ang nagbabago at naglalaho, nananatili ang Diyos. Sa palagay mo, bakit nais ng Diyos na malaman ng Kanyang mamamayan na Siya ang namamahala?

## 2 Nakikinig tayo sa Diyos upang malaman na lagi Siyang malapit sa atin.

*"Lumapit kayo sa akin at pakinggan ito: Mula pa ng pasimula hindi ako nagsalita nang lihim. Sa panahon na nangyari ang sinabi ko, naroon ako." At ngayon sinugo ako ng Panginoong DIYOS at ng kanyang Espiritu . . .* **ISAIAS 48:16**

Simula sa umpisa, sinamahan na ng Diyos ang Kanyang mamamayan at pinakita Niya ang Kanyang sarili bilang matapat na Diyos. Simula noon, hinahanap na Niya ang Kanyang mamamayan at tinatawag silang lumapit sa Kanya. Iniimbitahan Niya ang Kanyang mamamayan na lumapit sa Kanya at ipinapangako Niyang Siya rin ay lalapit sa kanila (Santiago 4:8). Paano ka inaanyayahan ng Diyos na lumapit sa Kanya araw-araw?

## APPLICATION

- Paano naapektuhan ng pakikinig sa Diyos ang buhay mo? Paano mo magagawang lumapit sa Kanya araw-araw?
- Maglaan ng oras upang pag-isipan ang mga bagay na pinakikinggan mo. Ano ang ilang bagong bagay na maaari mong gawin upang mas marinig mo ang tinig ng Diyos?
- Isipin ang isang taong kailangang mas makinig sa Diyos. Paano mo siya matutulungang akayin pabalik sa Diyos ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pagmamahal sa iyo, sa Kanyang presensya, at sa katiyakan na Siya ang namamahala sa lahat ng sitwasyon.
- Hingin sa Diyos na tulungan kang hindi makinig sa mga ingay na maaaring humadlang sa pakikinig mo sa Kanya. Ipanalangin na muli kang magkaroon ng kagustuhang makinig sa Kanyang salita at lumapit sa Kanya.
- Ipanalanging matulungan mo ang iba upang makilala nila ang Diyos at mapalapit sila sa Kanya sa pamamagitan ng pangangaral sa kanila ng ebanghelyo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph